


## Banghay – Aralin sa Filipino IV

**May-Akda:** Ma. Basilisa B. Celofe  
**Designation:** Teacher III  
**Paalaran:** Sta. Cruz Elementary School



### I. Layunin

1. Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto
2. Naipahahayag ang sariling opinyon o reaksyon sa isang napakinggang isyu
3. Nasasagot ang mga simpleng tanong (sino, ano, saan, kailan, paano, at bakit)
4. Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin, at kultura ng may-akda ng tekstong napakinggan o nabasa

### II. Paksang-Aralin

1. **Pamagat:** “Ang Madyik Silya ni Titoy”
2. **May-akda:** Russel Molina
3. **May-guhit:** Marcus Nada
4. **Pagpapahalaga:** Pagpapahalaga sa Sarili/ Building Self-esteem

### III. Mga Kagamitan

- Storybook
- Larawan ng mga sumusunod: tutubi, pabo, kuliglig, pla-pla, plaza, magarang kotse at bahay
- Realia: matalas na gunting o pako
- Video ng mga sumusunod: madyik
- Audio ng mga sumusunod: pabo, kuliglig
- Tablets o mobile telephone

### IV. Pamamaraan

#### 1. Paghawan ng balakid

Salita	Pamamaraan	Mga Tanong
1. tutubi	pagpapakita ng larawan	* Ipakita ang larawan T. Paano mo mailalarawan ang kanyang paglipad?
2. pabo	pagpapakita ng larawan, audio	* Ipakita ang larawan T. Sino na ang nakakita sa inyo nito? Narinig niyo na ba kung paano sila mag ingay? * Iparinig ang audio clip
3. kuliglig	pagpapakita ng larawan	*Ipakita ang larawan T. Ano ang kahawig/kamukha ng kuliglig? Saan karaniwang nakikita ito? T. Narinig niyo na ba kung paano sila mag-ingay? * Iparinig ang audio
4. pla-pla	pagpapakita ng larawan	* Ipakita ang larawan T. Nakakain ka na ba nito? Ano ang amoy nito kung hilaw pa? Ano naman ang amoy nito kapag luto na?
5. madyik	video	*Ipanood ang video T. Namangha ka ba sa ginagawa niya? Bakit?

6. binti	realia	Ipature sa mga bata ang kanilang binti
7. plaza	pagpapakita ng larawan	* Ipakita ang larawan T. Nakapunta ka na ba sa ganitong lugar? Anu-ano ang makikita rito? Anu-ano ang ginagawa sa plaza?
8. matalas	realia	T. Paano mo mailalarawan ng mga gamit na ito? Ano ang mga maaaring mangyari kung hinawakan ng isang tao ang matalas na bahagi ng gunting/pako?
9. magara	pagpapakita ng larawan ng mamahaling kotse at bahay	*Ipakita ang larawan T. Ang kotse at bahay na ito ay magara. Bakit natin nasabi na ito ay magara? Kailan natin nasasabi na ang isang bagay ay magara?

Maaaring ilagay sa word wall/word bank ang mga bagong salita.

## 2. Pagganyak

### a. Motivation Questions:

1. Ilarawan ninyo ang inyong upuan/silya.
2. Paano ninyo ito ginagamit? (Isulat ang sagot ng mga bata sa pisara.)

### b. Motive Questions:

1. Ano kaya ang hitsura ng upuan/silya ng tauhan sa kuwento?
2. Paano kaya niya ito ginagamit?

## 3. Pagbasa ng Kwento (Shared Reading)

### a. Mode of Delivery: Shared Reading

- *Shared reading* ang pamamaraan na gagamitin upang ma-modelo ng guro ang pagbabasa at mabigyan ng pagkakataon ang mga batang magpraktis ng *fluency*. Ang mga bata ay uupo sa thinking space.
- Ang mga bata ay uupo sa *thinking space*. Ito ay bahagi ng klase na pinaggaganapan ng mga whole-group discussion at pagbabasa.
- Ang Think-Pair-Share ay isang stratehiya na maaaring gamitin habang nagbabasa ng kuwento. Sa stratehiyang ito, ang mga bata ay kailangang may ka-partner sa pagbabasa. Pag-uusapan nila ng kanilang ka-partner ang sagot sa ilang mga katanungan. Ang sagot ng ilang mga bata ay maaaring ibahagi sa buong klase.

“Ang Madyik Silya ni Titoy”

### (Babasahin ng Guro)

Maliit lang ang baryo namin kaya siguradong madali mo akong mahahanap. Madalas akong nasa plaza kasama si Titoy. Dito kami nanghuhuli ng gagamba at nanghahabol ng tutubi.

Pag dumaan ka, ipakikilala kita kay Titoy. Mabait siya. Palabiro at makulit kagaya ko. Pambihira ang tawa niya. Kala mo pabo.

*T. Paano inilarawan ng bata si Titoy? Anu-ano ang mga kaya niyang gawin? Anu-ano pa kaya ang mga kaya niyang gawin?*

### (Babasahin ng mga batang lalake)

At alam mo ba...meron siyang madyik silya! Peksman! Madyik talaga! Merong dalawang gulong na di nabubutas, kahit idaan pa sa batong matalas. Di kailangan ng gasolina, konting tulak, aandar na!

Makulay ang upuan nito at kumikinang, ang gara!

Minsan, sasakay lang kaming dalawa sa madyik silya at bigla itong nagiging kotse.

“VROOOOM! VROOOOM! TABI KAYO....TABI KAYOOOO!!!!” Hiyaw namin habang nakataas ang mga kamay.

Minsan nagiging eroplano ito. “AEEEEEEEEENG-AEEEEEEEEENG! ANG SARAP LUMIPAD!” At walang biro, nagiging tren pa ito! “TOOOOOOOOT-TOOOOOOOOT!” Madyik talaga!

*T. Ano ang meron si Titoy? Ano ang espesyal sa silya niya?*

*T. Bakit kaya sinabi ng bata na minsan ito ay nagiging kotse, eroplano, o tren? Kung ikaw ay sasama sa kanila, anong gusto mong gawin sa silya ni Titoy?*

**(Babasahin ng mga babae)**

“Hep, hep, hep...sa’n na naman ang punta mo, ha?” ang laging habol ni Nanay pag patakbo na ako sa labas. “Diyang lang po, kasama si Titoy,” ang lagi ko namang sagot. “Saang diyang?” “Sa may buwan po!” sigaw ni Titoy mula sa labas sabay tawa na parang pabo.

Di alam ni Nanay, pag nakasakay kami sa madyik silya ni Titoy, kung saan-saan kami nakararating.

Noong isang araw nga, bumisita kami sa palasyo sa may sapa...at meron pang parti! Doon nagkokonsert ang mga kuliglig habang nagtatambol ang mga palaka. Rak en Rol pa ang tugtog nila! Galing ‘no?

Kahapon nama’y nagpunta kami sa kaharian ng mga tilapia. Doo’y nagsalita ang mga isda!

“Ang gara ng silya n’yo , ha, “ ang bati ni Haring Pla-pla. Gusto sana naming siyang isakay kaya lang mukha siyang malansa. Inalok na lamang naming sila ng tinapay at nagpaalam na kami.

Marami na kaming napuntahan ni Titoy sakay ng kaniyang madyik silya: mga kwebang makukulay, mga mansiyon sa gitna ng gubat, at sari-saring lugar na kakaiba. Bibilib ka!

*T. (Kung ikaw ang tauhan, saang lugar mo gusto pumunta?)* Ibahagi ito sa iyong ka-partner.

**(Babasahin ng mga lalake)**

Sayang nga at kami lang ang nakapamamasyal. Yung ibang bata kasi’y ayaw makipaglaro. Umiiwas sila kay Titoy tuwing dumaraan siya. Nahihiya ‘ata. Pag nasa plaza sila, di niya niyayaya si Titoy magbasketbol. Di nila pansin ang kotse pag umaarangkada. Di rin nila rinig ang eroplano at tren.

*T.(Bakit kaya di nila sinasama at pinapansin si Titoy?)*

Tanging nakita nila ay anyo ni Titoy. Wala kasi siyang binti. “Ipinanganak si Titoy na di tulad ng ibang bata,” sabi ni Nanay sa akin. “Kaya para makaparoo’t parito siya, kailangan niya ang wheelchair.” Oo nga pala, wheelchair daw ang tawag sa madyik silya ni Titoy. “Pero bukod do’n ,” dugtong ni Nanay, “hindi siya kaiba sa inyo, di ba?”

*T.(Ano ang sabi ni Nanay tungkol kay Titoy?)*

“Tara na! Tara na!” hiyaw ni Titoy mula sa labas. “Hinhihintay na tayo ng prinsesa sa may palayan!” May bago na naman kaming pupuntahan. Si Titoy talaga, kahit walang binti, kung saan-saan nakararating.

Balang araw, makabibisita rin ang ibang mga bata kay Haring Pla-Pla. Maririnig din nila ang tugtugan sa sapa. Balang araw ay makikita nilang walang ipinag-iba si Titoy sa kanila at mahahanap din nila ang aking nakita..isang kaibigan. VROOOOM! VROOOOM! Tabi kaya! Tabi!” “AEEEEEEEEENG-AEEEEEEEEENG!” “TOOOOOT\_TOOOOOOOOOT!”


Dumaan ka sa plaza. Dito mo kami makikita. Nanghuhuli ng gagamba. Nakikipaghabulan sa tutubi. Nakasakay sa madyik silya.

#### 4. Pagkatapos Bumasa


##### 1. Engagement Activities

- a. Bumuo ng apat na pangkat
- b. Bawat pangkat ay bigyan ng pangkatang-gawain:

**Pangkat 1 (Art Center):** Iguhit at ilarawan ang madyik silya ng tauhan sa kwento.


<b>Silya ni Titoy</b>

Paglalarawan: _____ _____

**Pangkat 2 (Edukasyon sa Pagpapakatao Center):** Iguhit at ilarawan si Titoy

<b>Titoy</b>

(sa paningin ng kanyang kaibigan)
Paglalarawan: _____ _____

ayon sa kanyang kaibigan.

**Pangkat 3 (Edukasyon sa Pagpapakatao Center):** Iguhit at ilarawan si Titoy ayon sa ibang bata.

<b>Titoy</b>

(sa paningin ng ibang bata)
Paglalarawan: _____ _____

**Pangkat 4 (Media Center):** Gumawa ng video tungkol sa kung papaano natin dapat pakitunguhan ang mga katulad ni Titoy.

- c. Magtalaga ng mag-uulat ang sa bawat pangkat
  - 1) T. Ano ang hitsura ng silya ng tauhan sa kwento? Sa papaanong paraan niya ito ginagamit?

Pag-uulat ng unang pangkat.

- 2) T. Bakit kailangan ni Titoy ng wheelchair? Anu-ano ang nagagawa ni Titoy sa kanyang silya? Sino ang madalas na kasama ni Titoy sa paglalaro gamit ang madyik na silya? Paano inilalarawan si Titoy ng kanyang kaibigan?

Pag-uulat ng pangalawang pangkat.

- 3) T. Gusto mo din bang maging kaibigan si Titoy? Bakit? Bakit hindi? Bakit hindi nakikipaglaro ang ibang bata kina Titoy? Alamin natin sa ulat ng ikatlong pangkat.

Pag-uulat ng ikatlong pangkat.

- 4) T. Paano nga ba natin dapat pakitunguhan ang mga batang katulad ni Titoy? Alamin natin ang saloobin ng huling pangkat sa kanilang video presentation.

Pag-uulat ng pang-apat na pangkat.

## 2. Philosophical Discussion

- a. Humarap sa ka-partner. Pag-usapan ang mga katanungan.
- Sumasang-ayon ka ba na iba si Titoy? Bakit? Bakit hindi?
  - Ano ba para sa inyo ang kahulugan ng “iba”?
- b. Isusulat ng guro ang sagot ng mga bata.

Sumasang-ayon _____ _____ _____	Di sumasang-ayon _____ _____ _____
Iba _____ _____ _____	

- c. Tipunin at bigyan ng pagbubuod ang napag-usapan bilang pagtatapos ng aralin.

## V. Paglalapat

Gamit ang iPad/tablet/ laptop, gumawa ng digital drawing/poster na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga batang may mga pangangailangan o Children with Special Needs

## VI. Pagpapahalaga

Gumawa ng sulat para kay Titoy. Batiin mo siya sa pagiging matatag at may mataas na pagpapahalaga sa kanyang sarili.

## VII. Takdang-Aralin

Magsaliksik sa isang batang may kapansanan na naging matagumpay sa buhay. Humandang ibahagi ang kanyang kuwento sa klase.